

Mga Pinakamahalagang Kabuluhan ng PTA ng Estado ng California

Ang PTA ng Estado ng California ay isang propesyunal, nonprofit at boluntaryong organisasyon na tapat na nanunungkulan para sa kapakanan o kagalingan ng lahat ng bata.

Kami ay naniniwala na ang bawat taong nasa gulang ay may pananagutang tiyakin na ang lahat ng bata ay makapagbuo ng kanilang buong potensiyal.

Kami ay naniniwala na ang mga magulang ang mga unang guro ng mga bata at ang pakikisangkot ng magulang ay napakamahalaga sa lahat ng panahon ng karanasang pang-edukasyon ng bata.

Kami ay naniniwala na ang pamilya ang pinakamahalagang yunit ng lipunan na may pananagutan sa pagsuporta at pag-aalaga ng lahat ng kabataan, at sa pagkilala na ang pamilya ay maaaring bigyang katuturan sa maraming paraan.

Kami ay naniniwala na kabilang sa aming responsibilidad ang pagpapayo para sa kaligtasan at kabutihan ng lahat ng kabataan at ang pagkakataon sa isang de-kalidad na edukasyong pampubliko.

Ang Aming Ipinaglalaman

Ang misyon ng PTA ng Estado ng California ay ang positibong pagbigay impluwensiya sa mga buhay ng lahat ng bata at mga pamilya sa pamamagitan ng pagrerepresenta ng aming mga miyembro at pagbibigay sa kanila ng awtoridad at pagsusuporta sa kanila gamit ang mga kahusayan sa pagbibigay payo, pamumuno, at komunikasyon.

Pinagtibay ng Lupon ng mga Direktor, Hunyo 2007

Pagpapatupad ng Misyon ng PTA

Ang gawain ng PTA ng Estado ng California, isang sangay ng Pambansang PTA, ay ipinatutupad ng isang Lupon ng mga Tagapangasiwa kung saan ang pagkakasapi ay kinabibilangan ng mga binoto at na-appoint na mga opisyal, mga presidente ng pandistritong PTA, mga komisionado, tagapayong panglehislatibo at mga konsultant o tagapayo, lahat sila ay mga bolontaryo. Ang kanilang gawain ay naipapatupad sa pamamagitan ng siyam na komisyong o lupon at sa pamamagitan ng mga pirmihan at espesyal na komite. Ang Unit (asosasyon), konseho/sanggunian at ang mga pandistritong mga bolontaryo ng PTA ay nagtatrabaho rin upang maipatupad ang misyon ng PTA sa California.

Pamumuno

Ang PTA ng Estado ng California ay nagbibigay ng patuloy na training o pagsasanay upang maihanda ang mga pinuno ng PTA na:

- Ipatupad ang mga Layunin ng organisasyon;
- Maging pamilyar sa mga prinsipyo, pamatnubay at istruktura ng PTA;
- Mapabuti ang kanilang kasanayan sa pamumuno;
- Mabuo ang kanilang kakayahan at tiwala sa sarili sa kanilang pakikipagtulungan sa mga miyembro ng PTA, sa mga magulang, sa staff/mga kawani ng paaralan at sa komunidad.

Mga Scholarship at mga Grant

Ang PTA ng Estado ng California ay gumagantimpala ng mga high school senior scholarship, patuloy na mga pang-edukasyong scholarship para sa mga guro at mga nars ng paaralan, mga scholarship para sa mga bolontaryo ng PTA, mga pagpapabuti ng agham pangkultura at pamumuno (leadership), mga grant para sa edukasyon para sa mga magulang at para sa pagsasaling-wika. Ang mga pondo para sa mga scholarship at grant ay nakokolekta sa pamamagitan ng Honorary Service Award Program na kumikilala sa mga indibidwal na nakapagbigay ng napakabuting kontribusyon sa edukasyon at kapakanan o kagalingan ng mga bata. Sa loob ng lumipas na limampung (50) taon, ang PTA ng Estado ng California ay nakapagbigay ng higit pa sa \$5 milyon para sa mga scholarship at grant.

Outreach

Ang PTA ng Estado ng California ay nakikipaglaban upang mapabuti ang pagkilala sa patuloy na pagbabago ng pagkakaiba-iba ng mga etniko at kultura sa ating mga paaralan at komunidad. Ang *California State PTA Toolkit*, *PEP Guide* at ang mga tuntunin ng asosasyon at iba pang materyal (mapagkukunan) ay makukuha sa wikang Espanyol.

Pakikipagtulungan/Pakikisosyo sa Komunidad ng mga Mangangalakal

Ang PTA ay nakikipagtulungan sa komunidad ng mga mangangalakal na may parehong pakinabang ang isa't isa sa kanilang pakikipagsapalaran (venture) at kung saan ay hindi inilalagay sa kompromiso ang mga di-pang-komersiyal na mga polisiya ng PTA. Ang PTA at ang mangangalakal ay nakikipagtulungan upang mapabuti ang edukasyon para sa lahat ng bata.

California State
PTA®
everychild.one voice.

Ang Pakikisangkot
ay may Mainam
na Maidudulot

Sumali sa PTA

Tumawag sa Inyong Paaralan Ngayon!

**Kailangan ng mga Kabataan ng California
Ang Inyong Pakikisangkot**

PTA ng Estado ng California
2327 L Street
Sacramento, CA 95816-5014
916.440.1985 Fax 916.440.1986
capta.org info@capta.org

Nobyembre 2007



Sino Kami...

Ang PTA ay ang pinakamalaking organisasyon ng mga boluntaryong magulang, guro, mag-aaral, propesyunal para sa kalusugan at kabutihan at mga miyembro ng komunidad na tanging nagtatrabaho upang mapabuti ang edukasyon/pagtuturo at ang kapakanan o kagalingan ng lahat ng bata at kabataan sa tahanan, paaralan at sa komunidad.

Ang PTA ay...

Nagtatrabaho upang pagtibayin ang mga batas sa pagpapatrabaho sa mga bata at nagpupursigi ng mga programang panghustisya para sa mga kabataan (juvenile justice programs); Sumusuporta sa tinutustusang obligadong pampublikong edukasyon na kabilang ang kindergarten, klaseng binawasan ang bilang ng mga estudyante (reduced class size); at kurikulum at mga mapagkukunan para sa integrated arts (pinagsama-samang sining); Nagtatrabaho upang lumikha ng pambansang pampublikong serbisyong pangkalusugan at upang makabuo ng mga programang pangkalusugan at pangnutrisyon kasama na ang mga programa sa almusal at pananghali-an sa paaralan; at Nagsusulong ng National Standards for Parent/Family Involvement (Pambansang mga Pamantayan para sa Pakikisangkot ng mga Magulang/Pamilya) at ng Family and Medical Leave Act (Batas Para sa Pag-leave sa Dahilang Pampamilya at Medikal).

Mga Layunin ng PTA

Itaguyod ang kabutihan ng mga bata at kabataan sa tahanan, paaralan, komunidad, at lugar ng pananampalataya. Iangat ang mga pamantayan ng buhay sa tahanan. Pagtibayin ang sapat na mga batas para sa pangangalaga at proteksiyon ng mga bata at kabataan. Gawing mas malapit ang relasyon ng tahanan at paaralan, para ang mga magulang at mga guro ay matalinong makipagtulungan para sa edukasyon ng mga bata at kabataan. Magbuo, na magkabalikat ang mga guro at ang kabuuang publiko, ng mga pinag-iisang pagpupunyagi na magpapatibay ng pinakamataas na mga pakinabang sa edukasyong pangkatawan, mental, panlipunan at pang-ispiritwal para sa mga bata at kabataan.



Ang aming mga Prioridad...

Edukasyon

Tinatalakay ng PTA ang mga isyung pang-edukasyon mula sa mga unang taon ng pagkabata hanggang sa mas mataas na edukasyon at ang PTA ay tapat na nanunungkulan sa:

- Pagtulong sa mga PTA na patibayin ang pakikisangkot ng mga magulang at ng komunidad sa mga paaralan at sa mga paggawa ng mga desisyong pang-edukasyon;
- Pagtiyak na ang mga pampublikong pondo ay gingamit para sa edukasyong pampubliko; at
- Pagtiyak na sa estado, pandistritong paaralan at sa mga lokal na antas, ang mga PTA ay aktibong nakikilahok sa pagpupunyaging mabigyan ang bawat mag-aaral ng parehong oportunidad o pagkakataon sa napakahusay na edukasyon.

Kalusugan

Tinatalakay ng PTA ang pinakamahalang mga isyung pangkalusugan tulad ng labis na katabaan sa pagkabata (childhood obesity); kamalayan at paghadlang o pagpigil sa paggamit ng droga (bawal na gamot), pag-abuso ng alkohol (alak) at tabako; kamalayan sa antibiotic resistance (paglaban ng mga bakterya o mikrobyo sa antibiyotiko); mga planong pangkalusugan ng paaralan; at mga isyung pangkapaligiran at kabilang dito ang paggamit ng pamatay-pesto. Ang pakikipagtulungan ng PTA sa mga magkakaanib na mga ahensiya at tagapagpayo ay nagbibigay ng:

- Impormasyon sa mga programang pang-edukasyong pangkalusugan at mga programa para sa mga isyung pangkalusugan na nakakaapekto sa mga bata, kabataan, at kanilang mga pamilya.
- Mga mapagkukunan (resource) para sa mga PTA upang maturuan ang mga magulang, guro at mag-aaral tungkol sa mga topikong may relasyon sa kalusugan sa pamamagitan ng mga web link, publikasyon (pahayagan), programang pang-edukasyon sa loob ng klase, pagtatanghal ng kombensiyon (convention exhibit), komperensiya at mga presentasyon (palabas).

Lehislasyon

Isang grupo ng mga boluntaryong tagapayo ang namumuno sa mga pagpupunyagi ng PTA ng Estado ng California upang “mapagtibay ang sapat na mga batas para sa pangangalaga at proteksiyon ng mga bata at kabataan”.

- Sabay na pinahahalagahan ng PTA ng Estado ng California ang mga pagpupunyagi para sa pagbibigay-payo at edukasyon upang ipaalam ang pagtanaw o opinyon ng PTA sa estado at sa mga binotong opisyal ng Pederal, sa mga ahensiya ng pamahalaan, at sa lahat ng taga-California.
- Ang mga PTA Legislative Alert at mga posisyon ng PTA sa mga iminumungkahing lehislasyon at inisyatibo ay ipinapakita sa website ng PTA ng Estado ng California na www.capta.org at maari ninyong makita sa pamamagitan ng pag-subscribe online.

Pakikisangkot ng mga Magulang

Ang PTA ay nagbibigay ng impormasyon at pagsasanay upang tulungan ang mga magulang na patibayin ang kanilang mga kakayahan sa pagiging magulang at upang himukin silang makisangkot sa mga paaralan. Kabilang sa mga mapagkukunan para sa mga PTA ang:

- *Parents Empowering Parents Guide*, mayroon nito sa Ingles at sa Espanyol, para gamitin ng mga pinuno ng PTA upang bigyang-tulong ang mga magulang sa pagtulong sa kanilang mga anak na magtagumpay sa paaralan;
- *PTA Parent Talk* brochure, para mapabuti ang komunikasyon at pagsulong ng mabuti o positibong relasyon sa pagitan ng mga magulang at mga anak.
- *Involvement Makes a Difference, PTA Membership Benefits You*, at ang *Put Yourself in the PTA Picture*, mga brochure na nagbibigay ng mga mungkahi kung paano mapabuti ang pakikisangkot ng mga magulang at mga nasa edad sa loob ng tahanan, paaralan at komunidad.

Mga Isyung Pang-komunidad

Isinusulong ng PTA ang mga programa at proyektong nakakaapekto sa kaligtasan at kapakanan o kagalingan ng mga bata at ng kanilang mga pamilya at kabilang dito ang:

- Pagiging handa sa mga kapahamakan o sakuna, kaligtasan ng bata at edukasyong pangkaligtasan;
- Pagpapanatili ng mga pamilya at paghadlang o pagpigil sa pang-aabuso ng bata;
- Paghadlang o pagpigil sa mga kabataan sa karahasan at vandalism, pakikisangkot sa gang, karahasang gamit ang baril; at
- Pagkamamamayan o Citizenship.

Komunikasyon

Ang PTA ay nagbibigay ng mga sumusunod na gamit pangkomunikasyon:

- *PTA in California*, ang opisyal na newsletter o pahayagan ng PTA ng Estado ng California, na naghahandog ng impormasyon ng organisasyon at mga buod ng impormasyon at mga pag-aaral tungkol sa mga isyung may kinalaman sa mga miyembro ng PTA. Makakakuha nito kung ikaw ay nag-subscribe, ang gamit na ito ay libre lamang para sa mga presidente ng PTA.
- *The Communicator*, na mayroong camera ready (handang ipadala sa limbagan) na impormasyon tungkol sa napapanahon na mga topiko at isyu, ay makukuha sa pamamagitan ng pag-subscribe.
- Ang website ng PTA ng Estado ng California na www.capta.org ay naghahandog ng impormasyon, mga mapagkukunan, mga link sa iba pang website, at nagpapakita ng *PTA in California* at *The Communicator*.
- Impormasyong pang-edukasyon tungkol sa epekto o impact ng media. Naniniwala ang PTA na ang tahanan at paaralan ay maaaring makikipagtulungan upang tulungan ang mga bata na maunawaan ang mga mensahe ng napapaloob sa media.